

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Saliksikin ang bagong interregional na koneksyon ng Etobicoke Creek Recreational Trail !

BRAMPTON, ON (Hulyo 6, 2021) – Ang pinaka-hihintay na interregional na koneksyon ng Etobicoke Creek Recreational Trail mula Brampton, patungong Mississauga, patungong Caledon, ay kumpleto na ngayon. Ang mga user ay pwede na ngayong maglakad, mag-hike, o magbisikleta nang tuloy-tuloy sa pagitan ng tatlong komunidad.

Ang bagong dalawang kilomentrong interregional na koneksyon ay pumupuno sa kritikal na puwang sa trail sa pagitan ng Brampton at Mississauga, na pinapahintulutan ang ligtas na daanan sa ilalim ng Highway 407 at Highway 410, mula sa pasukan ng Kennedy Road Trail, papunta sa city limit. Nagbibigay ito ng tuloy-tuloy na aktibong ruta ng transportasyon na off-road na kumukonekta sa Lake Ontario at sa Waterfront Trail papunta sa Greenbelt Trail sa Caledon.

Sa Brampton, ang trail ay dumadaan sa pamamagitan ng downtown core, na nagbibigay ng access sa malawak na hanay ng mga pangkultura at pana-panahong mga gawain. Ang kumpletong Etobicoke Creek Recreational Trail ay humahaba ng tinatayang 34.5 kilometro, sa kahabaan ng Etobicoke Mimico Watershed t padaan sa natural at urban settings. Naitanim ang higit sa 4,000 punong-kahoy at 14,000 shrubs ng TRCA at ng Lungsod sa kahabaan ng Kennedy Valley para pagandahin ang pangkapaligirang mga benepisyo ng trail.

Ang inisyatibang ito ay pinagtutulungang pagsisikap sa pagitan ng Lungsod ng Brampton, Toronto at Region Conservation Authority (TRCA), Rehiyon ng Peel, Bayan ng Caledon, Lungsod ng Mississauga, at ng Ministry of Transportation.

Ang koneksyon ay sumusuporta sa Master Plan sa Aktibong Transportasyon ng Lungsod, na naglalayon na ipatupad ang konektadong network ng bisikleta at pedestrian sa buong lungsod, at para ikonekta ang magkakapitbahay na mga munisipalidad, para magawa ang mas ligtas, mas maginhawang pagbibiyaha sa hindi de-makinang paraan, at nagbibigay ng ligtas, maganda at konektadong mga cycling trail. Para mas matuto tungkol sa Master Plan sa Aktibong Transportasyon ng Lungsod, bisitahin ang www.brampton.ca/atp

Tatlong kilometro ng Etobicoke Creek Recreational Trail ay inisponsor ng Coke Canada Bottling, magsisimula sa pasukan ng Kennedy Road trail at magtatapos sa city limit. Ito ang unang kumpanyang isponsor ng Lungsod para sa panlibangang trail sa Brampton at aambag sa nagpapatuloy na maintenance ng trail. Alamin ang mas marami pa tungkol sa mga pagkakataon ng pag-isponsor sa www.brampton.ca/sponsorship.

Mga Quote

“Ikinagagalak kong ianunsyo ang pagkakumpleto ng interregional na koneksyon ng Etobicoke Creek Recreational Trail. Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod at isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, at committed tayo na maging komunidad na kumbinyente sa mga nagbibisikleta at sa mga

naglalakad. Hinihikayat ko ang lahat na manaitling aktibo at saliksikin ang trail. Salamat sa aming mga partner at isponsor!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang mahilig sa pagbibisikleta, nananabik ako sa bagong interregional trail na koneksyon ng Etobicoke Creek, na nagbibigay ng tuloy-tuloy at ligtas na aktibong ruta ng transportasyon sa pagitan ng ilang komunidad – kayo man ay nagbibisikleta, nagha-hike, o naglalakad.” - *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ipinagmamalaki natin na makikipagtulungan sa ating mga partner para isabuhay ang koneksyon ng Etobicoke Creek at masuportahan ang aktibong transportasyon sa Brampton. Napakahalaga na lumabas ang lahat at mag-enjoy sa mga parke at mga trail, at ang Etobicoke Creek Trail ay isang tanawin na magandang tingnan!”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Committed ang staff ng Lungsod sa pagdagdag sa mga oportunidad ng aktibong transportasyon sa Brampton. Salamat sa mga partner ng ating komunidad at sa ating unang kumpanyang isponsor, ang Coke Canada Bottling. Iniimbitahan ko ang bawat isa na bumisita sa trail, at alamin ang mas marami pa tungkol sa mga pagkakataon ng pag-isponsor sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ikinagagalak ng TRCA na ipagdiwang ang pagkumpleto ng dalawang kilometrong koneksyon sa loob ng Etobicoke Creek Recreational Trail, sa pagitan ng Brampton at Mississauga. Itong bagong nabuong trail ay nag-uugnay sa mga komunidad sa Brampton, Mississauga at Caledon at nagbibigay ng ligtas, off-road na koneksyon ng trail mula sa Waterfront Trail sa Lake Ontario papunta sa Greenbelt Trail sa Caledon. Makakatulong ito na ikonekta ang mga residente sa kalikasan at sa isa’t isa, at magbibigay ng mga pagkakataon para sa komunidad, paglilibang, aktibong transportasyon at malusog na pamumuhay.”

- *Jennifer Innis, Chair, Board of Directors ng TRCA*

“Ipinagdiriwang natin ang 20 taon ng Local Bottler ng Brampton sa taon na ito at committed sa pagtulong na lumikha ng mas magandang kinabukasan para sa ating komunidad. Excited na tayo na ang trail ay dadaan mismo sa ating pasilidad para ang lahat ng 1,300 ng ating lokal na mga empleyado ng Coke Canada, na proud na gumagawa, nagdi-distribute, nag-merchandise at nagbebenta sa pinakagustong inumin ng Canada dito mismo sa Brampton, ay makaalis at makapag-enjpy nito.”

- *Brandan Noonan, Brampton General Manager, Coke Canada Bottling*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca